

1

Ang matapang na aroma ng brewed coffee ang sumalubong kay Olivia pagpasok niya sa entrance door ng *Starbucks* San Lazaro. Pansamantalang pinawi niyon ang pagod na kanina pa niya nararamdaman dahil sa stress sa trabaho. Kung hindi lang sa urgent call ng kanyang boyfriend na si Mark na kailangan siyang makita nito ngayon ay tatapusin sana niya ang ilang encoding works sa kanyang lunch break. Good thing, nasa U-Belt lang din ang unibersidad na pinagtuturuan niya bilang English instructor.

She scoured the vicinity of the coffee shop. Maliit lamang iyon kung kaya nakita agad niya ang boyfriend na pasimpleng kumaway sa kanya mula sa kinauupuan nito sa pinakadulong bahagi.

Tumayo si Mark nang hustong makalapit siya saka mabilis na humalik sa kanyang pisngi. Hindi pa man siya nakakaupo ay iniabot nito ang isang tasa ng umuusok pang caramel macchiato na siyang paborito niya.

“Thanks.” Hindi niya ginalaw ang kape bagkus ay itinuon sa nobyo ang atensyon. She had no idea sa biglang pakikipagkita nito gayong malimit naman silang nagkakasama o nagkaka-text.

Maluwang ang ngiti ng binata. May bahagyang tension dahil kitang may maliliit na butil ng pawis sa noo nito kahit pa nga

air-conditioned ang café.

He got hold of her hands. Hinaplos nito iyon habang hindi inaalis ang tingin sa kanya. May iba sa aura ng kanyang boyfriend ngayon.

“Via...” May bumikig sa lalamunan nito nang banggitin ang pangalan niya. Tumikhim ito saka muling nagsalita, “Thanks for coming over.”

Hindi iyon sinagot ng dalaga. Pinong ngiti ang ipinukol niya rito bago siya humigop ng kape, at least, to ease out her sudden discomfort.

“For three years, you know I have loved you so much—”

“Mark, alam mong mahal din kita. What is this all about?” Kusang dumulas sa kanya iyon. Ewan niya ngunit binalot na siya ng tension bagaman mas halata ang anxiety ng kanyang nobyo.

Ito na ba iyon?

Sa himig ng pananalita ni Mark, nahuhulaan na niya ang gustong tumbukin nito. Nakita niya ang mga senyales ilang buwan bago ang sandaling ito. She did not want to forebode, ngunit gumagana ang kanyang gut feel na maaaring ito na ang hinihintay niya.

Olivia patiently waited for him to speak. Tahimik siyang humuhugot ng buntong-hininga at ayaw niyang mahalata ni Mark na may idea na siya sa gagawin nito.

Paano bang hindi?

These past few months, he was insinuating about settling down this year. Batid niya iyon sa malimit na pagta-topic nila ng ukol sa posibilidad na lumagay sa tahimik. Just last week, aksidenteng nakita niya mula sa bag nito ang isang resibo.

Official receipt mula sa isang jewelry store. Bumili ng singsing si Mark. May kamahalan iyon. Lagpas sa dalawang buwang suweldo nito ang halaga. Napagtagni-tagni niya na iyon ang dahilan ng nitong huli ay madalang na pag-aya ng nobyo sa kanya na kumain sa labas o manood ng sine. Nagtitipid nga marahil.

Hindi biro ang gumasta ng limampung libong piso sa isang singsing lalo na sa katulad nitong entry-level customer service representative.

Gayunpaman, iba pa rin ang kabang dumadaga sa kanyang dibdib sa pagkakataong kaharap ang nobyo at naghihintay sa mga sasabihin nito. Sa kabilang banda ng kanyang utak, hindi ito ang ini-expect niyang romantic proposal.

Hindi sa coffee shop sa katanghaliang tapat.

The throbbing feeling of anticipation dominated around her. Pakiramdam ni Olivia ay mauutal siya na kung ewan.

“Via...”

“Yes?” Nanginig ang kanyang tinig. Mas sumidhi ang kabang

bumangon kanina pa. She looked at him intently. Sa mga mata nito na seryosong nakamasid sa kanyang mukha. At sa nakaawang na mga labi ng binata, his words were caught at the back of his tongue.

Mas humigpit ang pagkakupulupot ng mga daliri ni Mark sa kanyang mga kamay. Hesitant ito sa simula, then he leaned forward and in a very low voice made the revelation. “I’m...damn, how am I going to say this?” he muttered then proceeded in a much controlled articulation. “T-tapusin na natin ’to. I can’t go on with this relationship.”

Blank space.

All she saw was festive displays of fireworks na unti-unting namamatay kasabay noong una ay excitement niya. Pakiramdam ni Olivia ay binuhusan siya ng nagyeyelong tubig habang nakagapos sa silya.

It was definitely an understatement.

Olivia froze yet she could feel the thickening of her cheeks. Kasabay ng biglang kambyo ng kanyang puso. Ang kabang dumaluyong kanina ay humupa. Napalitan ng damdaming hindi niya maipaliwanag.

Pagkabigla.

Nakatulala siya kay Mark.

“It’s not your fault, Via. You’ve been the best I ever had. It’s

just that... Damn!" Nangingkit ang mga mata nito sa uneasiness na bumalong dito. Ipinagpatuloy nito ang sasabihin, "I am a complete mess right now. The past weeks have been very tough, you know."

Blah. Blah. Blah.

Pakiramdam niya nakalutang siya sa kawalan.

Binawi ni Olivia ang mga kamay mula sa boyfriend. Ex-boyfriend na pala.

Namamanhid yata ang buong katawan ng dalaga. She felt slow pulsating tremors on her fingers and jaw... hanggang sa flaps ng kanyang tainga at tila gibberish ang mga usapan na nagmumula sa ibang customers ng coffee shop.

"Via, are you okay?" untag ni Mark. Nakuha pa nitong itanong sa kanya iyon!

Ano ba ang reaksiyong ini-expect nito mula sa kanya? Tumalon siya sa saya? Maglupasay at magsisigaw sa excitement dahil sa lahat ng puwedeng mangyari sa kanya sa araw na ito; heto at nakipaghiwalay na sa kanya ang nobyo ng tatlong taon.

Tatlong taon na isinampal sa kanya nang ganoon-ganoon lang. Hindi na niya makuhang pakinggan ang mga sinasabi ni Mark dahil hindi na niya nakayanang makaharap ito. Though, she wanted to hear his explanation. Just, not now.

Tumayo siya mula sa kinauupuan saka walang pasabing

nilisan ang lugar na iyon. Walang lingon-likod siyang lumabas. Kung ang binata man ang naramdaman niyang nakabuntot sa kanya, wala siyang ideya.

Nakayukyok sa unan ang dalaga habang tumutugtog sa utak ang lyrics ng awiting *How Do I Live* ni Leann Rimes. Tigmak ng luha ang kanyang mukha na umagos at bumasa sa throw pillow. Pinaghalong luha at sipon iyon.

May secret formula ba ang paggamot sa broken heart? Ano ang kailangan niyang laklakin upang maibsan ang sakit na nadarama niya? Kasi kung mayroon, she would spend a fortune makabili lamang ng gamot upang tuluyan nang kalimutan ang bangungot na hatid ng pakikipagkalas sa kanya ni Mark.

Wala nang paramdam sa kanya ang ex matapos ang insidente sa coffee shop. Ni hindi na niya napakinggan ang paliwanag nito. O mas nararapat, hindi na nagtangka ang lalaki na kausapin siya. Hiniwalayan siya nito as easy as that with no such fuss.

Gayunpaman, Olivia could not just simply get mad at him. Martir nga siya, but she secretly wished na sana panaginip lang ang lahat.

Hindi niya namalayan ang pagpasok ng kanyang nakatatandang kapatid na babae. Dalawa lamang silang babae sa anim na magkakapatid, so naturally, Olga was the closest to her. Isang taon ang tanda nito sa kanya.

“Ano’ng plano mo ha, Olivia Catipunan? Walang magagawa ang magmukhang miserable at magkulong dito sa kuwarto mo.” Tuloy-tuloy na tinungo nito ang bintana at hinawi ang makapal na kurtinang apat na araw nang nakatabing doon. Sumilip ang liwanag ng araw hanggang sa kamang kinahihigaan niya saka tila bagong bihis na lumiwanag ang silid.

Iniwas ni Olivia ang tingin. She squinted sa masakit na pagrehistro ng liwanag sa kanyang mga matang ilang araw nang nasanay sa dilim.

Hinila ni Olga ang kumot na nakatabing sa kanyang katawan saka nakapamaywang na tumayo sa kanyang paanan. “Ano na? Bumangon ka diyan. Hindi porque broken-hearted ka ay hahayaan ko nang magkaganyan ka samantalang ang walang bay*g mong ex-boyfriend ay nagpapakasaya sa kung saang lupalop man ng Pilipinas ngayon.”

Gumilid siya sa kama, naupo. Hindi niya nagawang pahirin ang luhaang mukha kung saan dumikit na rin ang ilang hibla ng kanyang buhok. Sa hitsura niya ngayon, anyone could *Google* the word ‘miserable’ and her face would pop up first on the photo gallery.

“Nakikita mo ba ang sarili mo ngayon, ha? Para saan pa at Catipunan ang apelyido ng ating pamilya.”

She made a dispirited growl. Kinuha niya sa lamesita ang nakapatong na bag ng potato chips na nang nakaraang gabi pa

niya nilantakan. Bago pa man siya makadukot ng laman niyon ay inagaw iyon ni Olga sa kanya.

“Why are you acting like Mark is the last man on earth? Lahat ng mga tao dito ay nag-aalala sa ’yo.”

Paanong hindi mag-aalala ang mga ito sa kanya? Ilang araw na siyang hindi pumapasok sa university na pinagtuturuan. Nagpaabiso lamang siya sa HR department at dean tungkol sa isang family emergency.

Since the break-up at hindi na pagpaparamdam ni Mark, she hadn’t eaten a single decent meal. Pulos potato chips at sweets lamang ang inilalaman ni Olivia sa tiyan. Maigi at natural na balingkinitan ang kanyang katawan dahil kung hindi ay lolobo siya katulad ng ibang nag-i-stress eating.

“I’m fine. Papasok na ako sa Lunes kung iyan ang gusto n’yo,” walang siglang tugon ng dalaga. Para siyang maiiyak.

Nilapitan siya ni Olga, ginagap ang kanyang kamay. Humupa ang high-pitch na pananabon nito sa kanya. Her eyes, too, welled in tears. “I’m sorry for being so rough. Ayaw ko lang na nakikitang nasasaktan ka.”

Tuluyan nang dumaloy ang naudlot na luha ni Olivia. Tumungo siya. “Ang sakit...” she blurted out. Humulagpos ang emosyong ilang araw niyang ikinulong sa dibdib.

Yumakap siya sa kapatid saka ibinuhos ang lahat ng sama

ng loob na nararamdaman sa balikat nito.

“It’s okay. Mark is not worth it.”

No, he is all worth it.

Umangat siya ng mukha. Nakangiti si Olga, a reassuring smile. Kahit paano ay humupa ang sakit ng dibdib niya. Sa kanilang pamilya, itong kapatid niya ang lubusang nakakakilala kay Mark.

Una silang nagkakilala ni Mark sa bangkong pinagtatrabahuhan nito. Una pa lang na pagkakita ay attracted na siya sa dating nobyo. Guwapo ito at maputi. May pagkabanidoso at magaling pumorma. Mas mukhang manager pa ito sa talagang manager ng bangko.

Unang semester pa lang niya iyon bilang guro sa kolehiyo. At dahil bukod sa pagtuturo ay may maliit din silang family business, most of her salary was saved in a bank. Sa mga ganoong ‘deposit and withdrawal transactions’ ay nagkapalagayang-loob sila.

Nangingiti si Olivia kapag naaalala ang ginawa nitong pagsingit ng maliit na note sa bungkos ng pera na kinubra niya noon. Simpleng ‘hi’ iyon with smiley saka ang cellphone number nito.

Matapos ang maigsing buwan ng panliligaw nito ay saka niya ito sinagot.

Doon niya nalaman ang tungkol sa over-the-top lifestyle ng

binata. Hindi katulad niya na simple lang ang gusto sa buhay, si Mark ang tipong hindi kontento sa kinalalagyan nito. Higit kung ang pag-uusapan ay sahod. Pero batid niyang hindi naman kalakihan ang suweldo ng bank tellers kumpara sa bulk ng trabaho ng mga ito.

Wala pang ilang linggo ang relasyon nila ay tinapos lang ni Mark ang probationary period nito sa kompanya saka lumipat sa isang call center. Nothing has changed in their relationship, though. Sa kabuuan ng relasyon nila, nakaapat na trabaho si Mark. Ang pinakahuli nga ay bilang CSR sa isang Business Process Outsourcing company.

“Nagparamdam na ba sa 'yo?” untag ng kaibigang si Lora. Unang beses niyang sumipot sa university matapos ang ilang araw ng pagha-hibernate. Magkapanabay silang kumain ng merienda.

Umiling siya.

“Ni ha, ni ho wala? As in zero?”

Tumango ang dalaga.

“Mahal mo pa ba?”

Tango ulit ang kanyang itinugon.

Magpapaka-ipokrita naman si Olivia kung sasabihin niyang hindi na. Heto nga at walang ipinagkaiba ang hitsura niya ngayon

at noong isang linggo. She still looked wrenched. Hindi kayang takpan ng concealer ang namumugto niyang mga mata at ang pag-bloat ng kanyang mga pisngi dahil sa pag-binge eating.

“Sabagay. Matagal ang three years para itapon basta-basta.”

“Until now I can’t convince myself everything is all over between us. Tanga na kung tanga but I’m still clinging on a tiny hope na baka confused lang si Mark.” Nakayuko siya. She struggled keeping her calm habang ipinagtatapat sa kaibigan ang nilalaman ng kanyang puso.

Ayaw niyang umiyak. May isang subject pa siyang kailangang ituro. Kung magpapatianod si Olivia sa emosyon niya, pihadong kukulitin siya ng mga estudyante niya mamaya kapag nakita ng mga itong mugto ang kanyang mga mata. As much as possible, nais niyang iwan na lang sa bahay ang mga pinoproblema.

Lora narrowed her eyes. Bahagyang inilapit nito ang mukha sa kanya. “Alam mo, girl, you may be right. Kahit naman papaano, I know Mark. Still, galit ako sa ginawa niya. Hindi kaya may nag-udyok lang sa kanya upang makipaghiwalay sa ’yo? Family problem o personal dilemma perhaps,” may pang-iintrigang turan ng kaibigan.

Umangat ang mukha ni Olivia sa sinabing iyon ng kausap. Hindi nga kaya? The idea was toying in her mind. Pinili niyang manahimik; she circled her finger sa rim ng tasa ng kape na iniinom niya.

Falling for Prince Caspian - Celeste Cardoso

Dinaluyong ng mga katanungan ang kanyang utak. What if her suspicion was right? Lalo pa nga at pareho rin ang iniisip ni Lora. She's not giving herself false hopes, but she sensed something must have gone wrong. Kung ganoon, kailangan niyang tuklasin iyon.

Pero saan siya magsisimula? Mag-iisang linggo nang walang komunikasyon sa kanya si Mark.